O Sugo ni Allāh, hindi ako nakapag-iwan ng isang maliit na kasalanan ni isang malaking kasalanan malibang nagawa ko na." Nagsabi siya: "Hindi ba sumasaksi ka na walang Diyos kundi si Allāh at na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh?

Ayon kay Anas (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {May dumating na isang lalaki sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsabi ito: "O Sugo ni Allāh, hindi ako nakapag-iwan ng isang maliit na kasalanan ni isang malaking kasalanan malibang nagawa ko na." Nagsabi siya: "Hindi ba sumasaksi ka na walang Diyos kundi si Allāh at na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh?" nang tatlong ulit. Nagsabi ito: "Opo." Nagsabi siya: "Kaya tunay na iyon ay pupuksa roon."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Ya`lā, Imām Aṭ-Ṭabarānīy, at Imām Aḍ-Ḍiyā' Al-Maqdisīy]

May dumating na isang lalaki sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsabi ito: "O Sugo ni Allāh, tunay na ako ay gumawa nga ng lahat ng mga pagkakasala at mga pagsuway at hindi ako nag-iwan ng isang maliit na kasalanan ni isang malaking kasalanan malibang ginawa ko iyon. Kaya patatawarin po ba ako?" Kaya nagsabi rito ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Hindi ba sumasaksi ka na walang Diyos kundi si Allāh at na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh?" Umulit-ulit siya nito ng tatlong beses. Kaya nagsabi ito: "Opo. Sumasaksi po ako." Kaya nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) hinggil sa kainaman ng Dalawang Pagsaksi at pagtatakip-sala nito sa mga masagwang gawa at na ang pagbabalik-loob ay nagpapawalang-saysay sa anumang kasalanan bago nito.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/65006